Pangalan:_______________________________________________________________

Petsa Nang Nagsimula:______________Petsa Nang Natapos:______________Iskor:________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**
Lahi, Pangkat-etnolingguwistiko, at Relihiyon sa Daigdig

**I. Panuto: Unawain ang tanong sa bawat bilang at bilugan ang letra ng tamang sagot.**

1. Ano ang iba pang tawag sa heograpiyang pantao?
   a. kultural na heograpiya		c. politikal na heograpiya
   b. pangmedikal na heograpiya		d. pangkalikasang heograpiya
2. Anong uri ng pamilya ang binubuo ng mag-asawa at mga anak?
   a. *closed family*		c. *nuclear family*
   b. *extended family*		d. *solo family*
3. Alin sa sumusunod ang tumutukoy sa mga taong may iisang pagkakakilanlan?
   a. gobyerno		c. pangkat etniko
   b. pamilya		d. relihiyon
4. Anong pagpapahalaga ang ipinakikita ng mga tao sa ilalim ng demokratikong pamamahala?
   a. pagiging tapat sa lider		c. pagmamahal sa kalayaan
   b. katapatan sa mga kaalyadong bansa		d. pakikiisa sa diktador
5. Alin sa sumusunod ang **hindi** ginagamit na batayan sa pagtukoy ng antas ng mga tao sa lipunan?
   a. bansang kinabibilangan		c. pera
   b. edukasyon		d. trabaho
6. Anong uri ng pamilya ang binubuo ng mag-asawa, mga anak, lolo, lola, tiyuhin, tiyahin, at mga pinsan?
   a. *closed family*		c. *nuclear family*
   b. *extended family*		d. *solo family*
7. Anong uri ng relihiyon ang naniniwala sa iisang diyos na siyang lumikha at pinakamakapangyarihan sa lahat?
   a. animismo		c. monoteismo
   b. Kristiyanismo		d. politeismo
8. Ano ang tawag sa isang organisadong paraan ng pagsamba sa isang bagay na espirituwal o kaisipan sa buhay?
   a. gobyerno		c. pangkat etniko
   b. pamilya		d. relihiyon
9. Anong sistemang politikal ang nagsasaad na ang kapangyarihan at pagdedesisyon ay nakabatay sa kagustuhan ng maraming tao?
   a. awtoritaryan		c. monarkiya
   b. demokratiko		d. republikano
10. Ano ang tawag sa ginagamit ng mga tao upang maipasa ang kanilang kaalaman o paniniwala sa sumusunod na henerasyon?
   a. panitikan		c. sining
   b. relihiyon		d. wika